RICE KOMIKS

Pamamahala sa Aksip o Stemborer

Istorya at Guhit ni Andrei Lanuza




Kung sa bagay, itong itinanim ko na NSIC Rc122 ay may resistensya laban sa *stemborer*.
NSIC Rc122 CERTIFIED SEEDS
N
Tandaan din natin na kapag masyadong malago ang tanim sanhi ng madaming patabang Nitroheno sa palayan, dadami din ang populasyon ng *stemborers*.
Kaya gumamit lang tayo ng sapat na *Nitroheno*.
Kapag nahuhuli sa pagtatatanim, mas malaki ang posibilidad na tamaan ng *stemborer* ang palay mo at patuloy na mananatili ito sa ating palayan.
Buti na lang sabayan ang pagtatanim natin dito sa barangay.
At para sigurado na kaunti lang ang *stemborer* sa susunod na taniman, araruhin agad ang mga pasyok matapos mag-ani para mamatay at walang pamamahayan ang mga uod at *pupae* ng *stemborers*.
Para sa karagdagang impormasyon ukol sa pamamahala ng *stemborer*, maaari tayong mag-text o tumawag sa **PhilRice Text Center** sa numerong **0920-911-1398**. Magtanong para maging marunong!
WAKAS